

LISTAHAN NG PAMBAHAY NA MGA ALARMA PARA SA USOK

Fact Sheet 11 – Community Risk Management. Revised 28/09/2004-Filipino

- NSW FIRE BRIGADES
- NSW RURAL FIRE SERVICE
- ACT FIRE BRIGADE
- ACT RURAL FIRE SERVICE

KATOTOHANAN

Ang usok mula sa isang sunog sa tahanan ay nakakalason, ang maagang babala lamang ang makatutulong sa pagbibigay sa inyong pamilya ng mahalagang oras upang makatakas sa isang kuwartong puno ng usok. Gayundin, kapag natutulog hindi ninyo maamoy ang usok mula sa isang sunog at sa katunayan ang usok ay mas magpapahimbing sa inyong tulog. Ang alarma para sa usok ay maaaring magbigay ng maagang babala na kailangan ninyo at ang pinakamahalagang unang hakbang sa planong pangkaligtasan sa sunog sa inyong tahanan.

ANO ANG MGA URI NG PAMBAHAY NA MGA ALARMA PARA SA USOK NA MAAARING MAKUHA?

May mga tinatawag na hard wired o nakakabit sa kuryente (nakakonekta sa pangunahing kuryente na may reserbang baterya) o mga alarma para sa usok na ginagamitan ng baterya na maaaring makuha. May mga modelong makukuha na maaaring gamitin sa mga kusina at mga caravan at para doon sa mga mayroong espesyal na mga pangangailangan katulad ng may kapansanan sa pandinig. Ang mga modelong may kasamang ilaw para sa kagipitan ay maaari ding makuha.

Anumang uri ang pinili ninyong gamitin inirerekomenda namin na:

- Ang bawa't bahay o unit na tahanan ay may nakakabit na angkop na bilang ng gumaganang mga alarma para sa usok
- Dapat ay may mga alarma para sa usok sa bawa't palapag ng inyong tahanan
- Dapat lamang gumamit ng mga alarma na aprubado ng Mga Pamantayan ng Australya # 3786
- Ang mga alarmang ikinakabit sa kuryente ay kailangang ikabit ng isang kwalipikadong elektrisyan
- Ang mga alarma para sa usok ay dapat ikabit batay sa mga tagubilin ng tagapagmanupaktura
- Ang lahat ng mga alarma para sa usok ay dapat suriin nang palagian at isang beses man lamang sa isang buwan
- Dapat ninyong palitan ang baterya sa bawa't alarma para sa usok nang isang beses man lamang sa isang taon
- Ang mga alarma para sa usok ay dapat palitan ayon sa rekomendasyon dahil sa limitado ang tagal ng buhay ng mga ito
- Upang maging epektibo kailangang linisin nang palagian ang mga alarma para sa usok
- Dapat isaalang-alang ang mga magkakaugnay na mga alarma kung kayo ay may mga anak

Ano pa ang dapat ninyong gawin upang gawing ligtas sa sunog ang inyong tahanan?

- Kailangan ninyong magkaroon ng plano na kabilang ang gagawin kung tumunog ang alarma para sa usok at nagbabala sa inyo na may sunog.
- Dapat maghanda ang inyong sambahayan ng isang nakasulat na plano ng pagtakas at magkaroon ng pagsasanay nito nang palagian.
- Ang mga malalalim ang tulog katulad ng mga bata o iyong mga apektado ng alkohol o bawal na mga gamot ay maaaring di magising sa tunog ng alarma. Tiyakin na ang maaaring mangyaring bagay na ito ay kabilang sa inyong plano ng pagtakas sa tahanan.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON KONTAKIN ANG INYONG LOKAL NA ISTASYON NG BUMBERO O SENTRONG TAGAMAHALA NG SUNOG

o bisitahin ang website na: www.fire.nsw.gov.au www.rfs.nsw.gov.au o www.esa.act.gov.au

MGA PAYONG PANGKALIGTASAN SA SUNOG

- Tandaan na ang usok mula sa isang sunog ay makakalito sa inyo at na hindi kayo makakakita sa usok
- Kung kayo ay nakatakas mula sa isang sunog sa tahanan, tandaan na kapag kayo ay nakalabas manatiling nasa labas at tumawag sa 000
- Hayaang masanay ang inyong mga anak sa plano ng pagtakas sa sunog at magpraktis bago gumawa ng pagsasanay sa pagtakas sa isang sunog
- Kung ang isang miyembro ng pamilya ay may mga problema sa pandinig o pagkilos tiyakin na ito ay maisaalang-alang at kung kinakailangan maglaan ng taong tutulong sa kanila upang makatakas
- Ang kaligtasan sa sunog sa tahanan ay mahalaga para sa buong pamilya at maiiwasan ng paghahanda ang malaking sakuna.

SA ISANG KAGIPITAN TAWAGAN ANG 000